

KALIMITANG ITINATANONG NA MGA KATANUNGAN TUNGKOL SA MGA BENEPISYO SA KAWALAN NG TRABAHO AT SEGURO SA KALUSUGAN

Ang publikasyong ito ay naglalakip ng impormasyon at patnubay hanggang noong *Marso 19, 2020*.

SEGURO SA KAWALAN NG TRABAHO

Sino ang karapat-dapat na makatanggap ng seguro sa kawalan ng trabaho dahil sa pagsasara ng taga-employo?

Ang isang empleyado na nasisante o nabawasan ng oras ay karapat-dapat na mag-aplay para sa seguro sa kawalan ng trabaho mula sa Estado, anuman ang balak ng taga-employo na magbukas na muli sa hinaharap.

Karapat-dapat ba ang isang independyenteng kontratista na makatanggap ng mga benepisyo ng seguro sa kawalan ng trabaho?

Hindi. Hindi karapat-dapat ang isang independyenteng kontratista na makatanggap ng seguro sa kawalan ng trabaho. Sa pangkalahatan, ang isang manggagawa ay isang independyenteng kontratista kung ang kanilang taga-bayad ay may karapatang kontrolin o direktahan lamang ang resulta ng trabaho (at hindi kung paano isinagawa ang trabaho).

Kung ang isang manggagawa ay isang “independyenteng kontratista” o isang “empleyado” ay nakadepende sa mga katotohanan ng bawat kaso. Kung naniniwala kayo na hindi kayong wastong nai-uri bilang isang independyenteng kontratista at dapat ay nai-uri kayo bilang isang empleyado, dapat kayong kumunsulta sa isang abogado. Maari rin kayong magsampa para sa mga benepisyo ng seguro sa kawalan ng trabaho at magpapasya ang Estado kung kayo ay karapat-dapat.

Anong mga hakbang ang dapat gawin ng isang indibidwal upang makatanggap ng seguro sa kawalan ng trabaho?

Upang makatanggap ng seguro sa kawalan ng trabaho, ang isang indibidwal ay dapat magsumite ng aplikasyon sa New York State Department of Labor. Mayroong dalawang paraan upang mag-aplay:

Mag-aplay online sa ny.gov/services/get-unemployment-assistance sa sumusunod na mga oras:

- Lunes – Huwebes: 7:30 nang umaga – 7:30 nang gabi
- Biyernes: 7:30 nang umaga – 5 nang gabi
- Sabado: Anumang oras
- Linggo: Hanggang 7 nang gabi

Mag-aplay sa pamamagitan ng telepono sa 1-888-209-8124 sa pinalawig na mga oras na ito:

- Lunes hanggang Huwebes: 8:00 nang umaga – 7:30 nang gabi
- Biyernes: 8:00 nang umaga – 6:00 nang gabi
- Sabado: 7:30 nang umaga – 8:00 nang gabi

Gaano ka-maaga maaaring magsampa ang isang indibidwal ng isang paghahabol para sa seguro ng kawalan ng trabaho?

Ang mga indibidwal ay maaaring magsampa ng isang paghahabol sa sandaling sila ay nasisante o nabawasan ng kanilang oras. Dahil sa sobrang dami ng mga aplikasyon na natanggap, nagpatupad ang Department of Labor ng isang bagong sistema ng aplikasyon batay sa unang titik ng apelyido ng isang aplikante:

- A – F : Lunes
- G – N : Martes
- O – Z : Miyerkules

- Nagmintis sa iyong araw: Huwebes, Biyernes, at Sabado

Ang lahat ng mga paghahabol ay epektibo mula sa Lunes ng linggo kung kailan ang mga ito ay nasampa. Ang araw ng linggo kung kailan ang paghahabol ay nasampa ay hindi makakaantala sa anumang mga pagbabayad sa seguro sa kawalan ng trabaho.

Gaano ka-maaga magsisimula ang isang karapat-dapat na indibidwal na makatanggap ng seguro sa kawalan ng trabaho?

Ang mga indibidwal ay babayaran para sa unang linggo ng kawalan ng trabaho, hanggang sa pinakamatagal na 26 na linggo sa loob ng isang taong panahon. Sa ilalim ng tiyak na mga sitwasyon, maaaring palawigin ng Estado ang pagbabayad ng mga benepisyo sa kawalan ng trabaho nang lampas sa 26 na linggo.

Ano ang dapat ipakita ng isang dating empleyado upang patunayan ang pagiging karapat-dapat upang makatanggap ng mga benepisyo sa seguro sa kawalan ng trabaho?

Ang dating empleyado ay dapat (1) patunayan ang isang kamakailan-lamang na kasaysayan ng trabaho, (2) nawalan ng trabaho nang walang sariling kasalanan, (3) maging handa, masigasig at kayang magtrabaho, at (4) aktibong naghahanap ng trabaho.

- *Tandaan:* Kahit na ang krisis ng COVID-19 ay maaaring makapag-pigil sa isang dating empleyado na maging "aktibong naghahanap ng trabaho," mula noong 3/13/2020, hindi pinapaluwag ng Estado ang pangangailangang ito.

Maaari bang tumanggap ang isang dating empleyado ng pagbabayad para sa anumang hindi nagamit na mga araw ng sakit o bakasyon na naipon kung sila ay nasisante nang walang sariling kasalanan?

Dapat suriin ng mga empleyado ang patakaran ng kanilang dating taga-empleyo upang matukoy kung sila ay dapat na bigyan ng bayad sa bakasyon. Kung ang isang empleyado ay kumita ng mga araw ng bakasyon mula sa kanilang dating taga-empleyo at hindi nakatanggap ng bayad para dito matapos na masisante, maaari silang magsampa ng reklamo sa NYS Department of Labor. Sa New York City, ang isang taga-empleyo ay hindi obligado nang legal na bayaran ang isang dating empleyado para sa hindi nagamit na mga araw ng sakit ngunit ang ibang mga taga-empleyo ay maaaring mayroong mga patakaran upang gawin ito.

May karapatan ba ang isang imigranteng manggagawa para sa seguro sa kawalan ng trabaho?

Oo, ngunit sa pangkalahatan ang manggagawa ay dapat na awtorisadong magtrabaho pareho sa oras ng kanilang nakaraang mga kinita at kapag nag-aaplay para sa mga benepisyo.

Magkano ang matatanggap ng isang indibidwal para sa seguro sa kawalan ng trabaho?

Ang isang indibidwal ay makatanggap ng \$104 hanggang \$504 bawat linggo depende sa kanilang nakaraang mga kinita.

Nagpapasya ba ang Lungsod kung ang isang dating empleyado ay karapat-dapat na tumanggap ng seguro sa kawalan ng trabaho?

Hindi. Ang pagpapasyang ito ay isinagawa ng NYS Department of Labor, hindi ng Lungsod o ng taga-empleyo.

SEGURO SA KALUSUGAN PARA SA WALANG TRABAHO

Ano ang dapat gawin ng isang dating empleyado upang patuloy na makatanggap ng seguro sa kalusugan?

Ang dating empleyado ay maaaring:

1. Bumisita sa website ng NY State of Health (<https://nystateofhealth.ny.gov/>) upang bumili ng pagsaklaw sa pangangalaga ng kalusugan sa pamilihan ng Estado; o

2. Kumontak sa kanilang dating taga-empleyo upang bumili ng pagpapatuloy ng seguro sa kalusugan sa ilalim ng COBRA upang ipagpatuloy ang kanilang seguro sa kalusugan na batay-sa-trabaho kung napagpasyahan ng Estado na karapat-dapat ang empleyado at kwalipikado ang plano ng kalusugan ng taga-empleyo.

Paano kung hindi kwalipikado ang dating empleyado para sa o hindi niya kaya ang mga opsyon ng seguro sa kalusugan sa itaas?

Maaaring mag-aplay ang dating empleyado para sa pagpapatula sa NYC Care upang makatanggap ng mga serbisyo na inaalok ng NYC Health + Hospitals.

- Tandaan: Ang NYC Care ay HINDI isang plano ng seguro ngunit ginagarantiyahan ang mga serbisyong inaalok ng NYC Health + Hospitals sa isang diskwentadong halaga depende sa kita at laki ng pamilya.

KARAGDAGANG TULONG

Ano ang walang-gastos na mga serbisyong legal na maaaring kontakin ng mga manggagawa para sa karagdagang tulong?

- Legal Aid Society: (888) 663-6880
- Legal Services NYC: (917) 661-4500
- New York Legal Assistance Group: (212) 613-5000
- Unemployment Action Center: (212) 998-6568